



ULAT NG CAO

**Hinggil sa mga alalahanin at hinaing tungkol sa
Pamumuhunan ng IFC sa Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC) – 01
(#30235, #32853, #34115, #37489) sa Pilipinas**

Abril 2019

Tanggapan ng Compliance Advisor Ombudsman
para sa
International Finance Corporation at
Multilateral Investment Guarantee Agency
www.cao-ombudsman.org

Tungkol sa CAO

Ang tanggapan ng Compliance Advisor Ombudsman (CAO) ay isang malaya o nagsasariling mekanismo para sa pananagutan ng International Finance Corporation (IFC) at ng Multilateral Investment Guarantee Agency (MIGA), mga sangay sa pribadong sektor ng World Bank Group. Ang CAO ay direktang nag-uulat sa Pangulo ng World Bank Group at tungkulin nito na matulungang matugunan ang mga reklamo ng mga taong naapektuhan ng mga proyektong sinusuportahan ng IFC/MIGA sa pamamaraang patas, walang kinikilingan, at nakabubuti, at upang mapaunlad ang mga panlipunan at pangkapaligirang resulta o kahahantungan ng mga proyektong ito.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa www.cao-ombudsman.org

TALAN NG MGA NILALAMAN

TALA NG MGA AKRONIM	4
1. PANGKALAHATANG PANANAW	5
2. SANLIGAN	6
2.1. Ang Proyekto	6
2.2. Ang Reklamo.....	6
3. PAGESUSUMA NG RESULTA NG PAGTATASA O ASSESSMENT	7
3.1 Pamamaraan	7
4. MGA SUSUNOD NA HAKBANG	14

TALA NG MGA AKRONIM

ASEAN	Association of Southeast Asian Nations
BIC	Bank Information Center
CAO	Office of the Compliance Advisor Ombudsman
FPIC	Free, Prior and Informed Consent
IFC	International Finance Corporation
IDI	Inclusive Development International
LNG	Liquefied Natural Gas
MIGA	Multilateral Investment Guarantee Agency
NGO	Non-Governmental Organization
PM CJ	Philippine Movement for Climate Justice
RCBC	Rizal Commercial Banking Corporation
SEMS	Social and Environment Management System

1. PANGKALAHATANG PANANAW

Noong Oktubre 2017, isang reklamo ang isinumite sa CAO ng Philippine Movement for Climate Justice (PMCJ), isang pambansang NGO, sa ngalan nito bilang isang alyansa ng mga organisasyon ng mga nagmamalasakit na mamamayan ng Pilipinas na nakikibaka laban sa pagbabago ng klima (climate change). Ang reklamo, na sinuportahan din ng dalawang pandaigdigang NGO, ay isinumite rin sa ngalan ng mga pamayanang namumuhay malapit sa 19 na aktibo na o iminumungkahi pa lamang na planta ng coal (coal-fired power plants) sa iba't-ibang lugar sa Pilipinas. Ang reklamo ay nagsusumbong na ang RCBC, isang kliyente ng IFC, ay nagbigay ng suportang pampinansyal sa mga plantang ito, na nagdudulot o ambang magdudulot ng mga malubhang epektong pangkapaligiran at panlipunan sa mga komunidad.

Noong Nobyembre 2017, napag-alaman ng CAO na nakapasa para sa pagtatasa (eligible) ang reklamo pagdating sa walo (mula sa 19) na mga komunidad na apektado ng mga planta. Noong Marso 2018, napag-alaman ng CAO na may karagdagang tatlo pa sa mga planta ang may pinansyal na pagkahantad (financial exposure), kaya't ang kabuuang bilang ng mga apektadong komunidad na nakita bilang *eligible* ay 11.¹ Nakita ng CAO na hindi nakamit ng natitirang walo na planta ang pamantayan para maging *eligible*, sa kadahilanang ang kaugnayan ng IFC sa mga plantang ito ay hindi sapat ang pagkahantad. Ang kabuuang listahan ng mga proyekto at mga kaugnay na desisyon ay makikita sa Annex B.

Sa isinagawang *assessment* ng CAO, ang mga kinatawan ng mga komunidad na apektado sa dalawa mula sa 11 na mga proyektong idineklarang nakapasa sa pagtatasa (eligible) ang nagpahayag ng interes sa pakikipag-usap para sa paglutas ng isyu (dispute resolution) sa mga kaukulang tagapamahala ng planta: Sarangani Energy Corporation (nagpapatakbo ng Southern Mindanao Coal Fired Power Plant) at Toledo Power Corporation. Nagpahayag naman ang RCBC na bukas itong makinig sa mga kinatawan ng mga apektadong komunidad at ipahatid ang anumang pananaw na makukuha dito sa kanilang mga kliyente na may operasyon sa mga nabanggit na komunidad. Gayunpaman, nakikita nito na, bilang isang tagapondo kaysa tagapamahala ng proyekto, hindi nito nakikita ang sarili na nasa posisyon upang makilahok sa isang proseso ng pakikipag-usap para sa paglutas ng isyu (dispute resolution) sa mga nagrereklamo, ngunit ito ay magsisilbing tulay sa mga nagpapatakbo ng planta kung sakaling ang mga ito ay interesado sa isang proseso ng *dispute resolution*

Pagkatapos ng isinagawang pagpapakilala ng RCBC, ang CAO ay nakipagpulong sa dalawang tagapamahala ng mga planta (plant operators) kung saan ang lokal na komunidad ay nagpahayag ng interes sa proseso ng *dispute resolution* upang alamin kung nais nilang makipag-ugnayan sa isang dayalogo. Nagdesisyon ang Sarangani Energy Corporation ng pagtanggap nito na lumahok sa isang boluntaryong proseso ng *dispute resolution* na itinitipon ng CAO. Ipinahayag nito ang kanilang paniniwala sa kahalagahan ng pangmatagalan na pakikibahagi at pakikipag-ugnayan sa mga komunidad na kinalulugaran ng kanilang mga planta, subali't mas gusto nilang gamitin ang umiiral nilang proseso ng pakikipag-ugnayan sa komunidad para harapin o sagutin ang anumang mga hinaing o alalahanin. Pagkatapos ng humabang pagsubok ng RCBC na magkaroon ng pagpapakilala, pumayag ang Toledo Power na makipagpulong sa CAO noong ika-26 ng Pebrero 2019. Sa pagpupulong na ito, napagkasunduang sasagot pabalik ang kumpanya sa CAO sa loob ng dalawang linggo nang may indikasyon kung nais nitong subukan ang proseso ng *dispute resolution* ng CAO. Hanggang sa katapusan ng Marso, walang natanggap ang CAO mula sa Toledo Power ukol sa desisyon nito kung nais nga nitong lumahok sa isang proseso ng *dispute resolution* na

¹Tingnan ang Annex A: Proseso ng CAO sa Paghawak o Pamamahala ng Reklamo.

itinitipon ng CAO. Kung sakaling naisin ng Toledo Power na subukang makibahagi sa isang *dispute resolution*, ito ay hahawakan ng CAO bilang isang hiwalay na proseso.

Sa kadahilanang ang mga partido sa kaso ng nalalabing 10 komunidad ay hindi pumayag na tumungo sa isang boluntaryong proseso ng CAO *dispute resolution*, ang mga reklamo ay ipapasa na ngayon sa tanggapan ng CAO na may tungkulin sa aspeto ng Compliance upang tasahin ang naging pagganap ng IFC, alinsunod na rin sa *Operational Guidelines ng CAO*.

Dahil sa komplikasyon at saklaw ng reklamong ito, ang *assessment* na ito ay lumagpas sa karaniwang 120 na araw upang matingnan ng CAO ang lahat ng 11 na proyekto na nadeklarang *eligible* sa parehong proseso ng pagtatasa. Ang proseso ay lalo pang napatagal para sa karagdagang mga pagpupulong para sa pagtatasa na isinagawa noong Oktubre 2018 kasama ang isang komunidad na hindi nakalahok noong mga naunang pagpupulong dahil sa mga alalahaning pangseguridad, at noong Pebrero 2019 kasama naman ang Toledo Power.

2. SANLIGAN

2.1. Ang Proyekto

Ang IFC ay may apat na aktibong pamumuhunan (investments) sa Rizal Commercial Banking Corporation (RCBC) (ang “Kompanya”) na binubuo ng dalawang equity investment (proyekto #30235 at #32853 na ipinuhunan noong 2011 at 2013, hanggang \$49 Milyon at \$100 Milyon, ayon sa pagkakabanggit), isang pautang (proyekto #34115, ipinuhunan noong 2014, \$30 Milyon), at isang bond (proyekto #37489, ipinuhunan noong 2015, hanggang \$75 Milyon).

Ayon sa mga pahayag ng IFC, ang RCBC ay isa sa pinakamalalaking bangkong pangkalahatan (universal banks) sa Pilipinas, na nagbibigay ng malawakang hanay ng pagbabangko at iba pang serbisyo at produktong pinansyal, kasama na ang *commercial* at *retail banking*, *credit card*, *asset management* at *treasury and investment banking*. Ang mga pamumuhunan (investments) ng IFC ay naglalayong suportahan ang paglago ng RCBC sa larangan ng panimulang-tulak sa kabuhayan (micro-finance), maliliit at katamtaman ang laking negosyo (small and medium-sized enterprises), at tingiang pagbabangko (retail banking), bilang bahagi ng estratehiya ng IFC na suportahan ang pinansyal na merkado ng Pilipinas sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga lokal na institusyong nagpapautang (financial institutions) na may malaki at mahalagang bahagi sa pagpapadaloy ng serbisyong pampinansyal sa hindi lubos na naseserbisyuhang mga sektor sa bansa.

2.2. Ang Reklamo

Noong Oktubre 2017, isang pambansang NGO, ang Philippine Movement for Climate Justice (PMCJ), ay naghain ng reklamo sa ngalan ng ilang mga komunidad na naninirahan sa paligid ng o malapit sa 19 na aktibo o minumungkahing planta ng coal (coal-fired power plants) sa iba’t-ibang lugar sa Pilipinas, at pati na rin sa ngalan ng kanilang sariling organisasyon bilang isang alyansa ng mga samahan ng mga nagmamalasakit na mamamayang Pilipino na nakikibaka hinggil sa pagbabago ng klima (climate change). Dalawang pandaigdigang NGO, ang Inclusive Development International (IDI) at Bank Information Center sa Europa (BIC Europe), ang sumuporta din sa reklamong ito.

Ang reklamo ay nagsasabing nagbigay ang RCBC, isang kliyente ng IFC, ng suportang pinansyal sa mga planta. Naghahayag ang reklamo ng mga alalahaning pangkapaligiran at

panlipunan kaugnay sa pagtatayo at pagpapatakbo ng mga planta, kasama na ang mga epekto sa samu't-saring buhay (biodiversity), masamang epekto sa kalusugan sanhi ng polusyon sa hangin, hindi sapat na kompensasyon para sa paglilikas ng mga mamamayan, pagkawala ng mga kabuhayan, at paglabag sa mga karapatan ng mga katutubo. Bukod dito, ang reklamo ay naghahayag din ng mas malawak na mga usapin hinggil sa mga epekto ng *climate change* sa Pilipinas at sa mga residente nito, kasama na ang mga pumirma sa reklamo, at mga usapin hinggil sa sistema ng pamamahala ng RCBC ng mga panganib na pangkapaligiran at panlipunan, ang kawalan ng pagsangguni o konsultasyon at impormasyon hinggil sa mga proyekto at mga epekto nito, at kawalan ng mga mekanismo o pagkakataong makapaghain ng mga reklamo (grievance mechanisms) para sa mga apektadong komunidad.

Inihayag din ng reklamo ang mga usapin hinggil sa IFC mismo, katulad ng kawalan ng bukas na impormasyon o *transparency* ng *financial intermediary portfolio* nito; ang pagsubaybay at pamamahala nito sa pagganap ng RCBC sa usaping pangkapaligiran at panlipunan, lalo na't may pamumuhunan ito sa mga negosyong may potensyal na magdulot ng malalaki at masasamang epekto sa kapaligiran at lipunan, o kaya ay mga epekto na kakaiba (diverse), hindi na maibabalik (irreversible), at hindi pa nangyayari kailanman (unprecedented), katulad ng pamumuhunan sa sektor ng coal; at sa pagsunod sa sarili nitong mga polisiya at patakaran na may kaugnayan sa pamumuhunan nito sa RCBC.

Ang reklamo ay nagtatakda rin ng ilang mga resulta o kalalabasan na hinahanap o hinihingi ng mga nagrereklamo. Ang buong reklamo ay maaaring makita sa website ng CAO sa www.cao-ombudsman.org.

Noong Nobyembre 2017, natiyak ng CAO na ang reklamo ay *eligible* patungkol sa 8 mula sa 19 na mga planta ng enerhiya at nagsimula ito ng isang pagtatasa (*assessment*) sa mga usapin. Noong Marso 2018, nakita ng CAO na may tatlo pang planta ang *eligible* din at isinama ang mga komunidad dito sa *assessment* nito. Sa kabuuan, naging 11 ang bilang ng mga *eligible* na planta. Ang walong natitirang planta ay nakitang hindi *eligible*. Sinabihan ng CAO sa pamamagitan ng isang sulat ang mga nagrereklamo hinggil sa pagtitiyak nito na hindi *eligible* ang walong nasabing planta.

Ang mga isyung lumabas sa *assessment* ay nakadetalye sa mga sumusunod na talata:

3. PAGSUSUMA NG RESULTA NG PAGTATASA O ASSESSMENT

3.1 Pamamaraan

Layunin ng CAO *assessment* na maliwanagan ang mga isyu at alalahanin na inihayag ng Mga Nagrereklamo, magkalap ng mga impormasyon hinggil sa mga pananaw ng iba't-ibang mga partido, at alamin kung ang Mga Nagrereklamo at ang IFC Project Sponsor ay bukas sa isang proseso ng pag-uusap at paglutas ng mga isyu (*dispute resolution process*) na padadaluyin ng CAO, o kung hindi naman ay kung dapat nang ipasa ang reklamo sa tanggapan ng CAO Compliance upang tasahin nito ang pagganap ng IFC (tingnan ang Annex A para sa proseso ng CAO hinggil sa paghawak ng mga reklamo).

Ang CAO, ayon sa Operational Guidelines nito, ay hindi isang mekanismo para sa ligal na pagpapatupad (*legal enforcement*), at hindi rin ito pampalit sa sistema ng mga korte sa mga bansang kinikilusan nito. Subali't ang CAO ay maaaring tumugon sa mga isyu at alalahaning naihayag sa reklamo at ialok ang taglay nitong mga proseso sa mga apektadong partido.

Sa partikular na kasong ito, ang CAO *assessment* ay kinabibilangan ng:

- Pag-aaral sa mga dokumentasyon ng proyekto;
- Pakikipag-usap sa telepono at harapang pakikipag-pulong sa Mga Nagreklamo at mga NGO na sumusuporta sa kanila, kasama na ang tatlong pagbisita ng CAO para sa pagtatasa (*assessment trips*) noong Marso, Mayo, at Oktubre 2018;
- Pakikipag-usap sa telepono at harapang pakikipag-pulong sa RCBC, kasama na ang dalawang pagbisita para sa pagtatasa noong Marso at Mayo 2018;
- Pakikipag-usap sa telepono at mga pakikipagharap sa grupo ng mga nangangasiwa ng proyekto sa IFC at sa tagapamahala sa bansa ng World Bank Group sa Pilipinas;
- Pakikipagharap sa dalawang kliyente ng RCBC kung saan ang mga komunidad na kinalulugaran ng mga proyekto ay nagpahiwatig ng kanilang interes sa pakikipag-usap para sa paglutas ng isyu (*dispute resolution*), pagkatapos ng pagpapakilala ng RCBC.

Ang dokumentong ito ay nagpapahayag ng isang buod ng mga pananaw na narinig ng grupo ng CAO, at pagpapaliwanag ng mga susunod na hakbang batay sa mga piniling hakbangin ng mga partido. Ang ulat na ito ay hindi nagbibigay ng anumang paghuhusga o paghatol sa katunayan o merito ng reklamo.

3.2 Pagsusuma ng mga Pananaw o Perspektibo ng mga Partido

Pananaw o Perspektibo ng Mga Nagrereklamo

Inihayag ng mga kinatawan ng mga komunidad ang iba't-ibang alalahanin hinggil sa epektong pangkapaligiran at panlipunan ng mga nasabing *coal-fired power plants*. Hindi lahat ng epekto ay naiulat na nakikitang sabay-sabay sa lahat ng mga lokasyon, subalit may makabuluhang pag-uulit-ulit sa bawat kinalalagyan nito.

Ang mga alalahanin at hinaing na ito ay naka-buod sa mga sumusunod na talata:

- Mga epekto sa pampublikong kalusugan: Ang Mga Nagrereklamo ay nagpahayag ng mga alalahanin tungkol sa mga epektong pangkalusugan katulad ng pagtaas ng insidente ng hika, lalo na sa mga bata. Ang mga tao ay nakakaranas din ng mga sakit o iritasyon sa balat at lalamunan, at pagkasira ng tiyan. Kung mayroon mang mga *medical mission*, ang mga ito ay limitado at hindi direktang tumutugon sa mga epektong pangkalusugan ng *coal projects*, tulad ng pagsasagawa lamang ng pagtutuli o pagtingin sa ngipin.
- Mga epekto ng abo (*fly ash*): Ang Mga Nagrereklamo ay nagpahayag ng mga alalahanin hinggil sa mga epekto ng *fly ash* sa kalidad ng tubig, pagkalatag ng *fly ash* sa mga prutas at gulay tulad ng mangga, na nagiging sanhi ng paghina ng pagbubunga ng mga lokal na puno; mga sakit sa balat, pangangati at pamamantal pagkatapos gamitin ang mga damit na ibinilad sa labas ng bahay. Dahil sa kakulangan ng ani sa mga bukid, at upang maiwasan ang *fly ash*, ang mga tao ay napipilitang lumikas pataas ng mga bundok para sa pagkain. Sinabi rin nila ang mga epekto sa mga hayop, tulad ng mga sugat sa bibig (*mouth sores*) kapag ang mga ito ay nakakain ng mga damong nababalutan ng *fly ash*, maging pagkamatay ng mga hayop, dulot ng mga sakit sa balat. May mga naiulat ding nakitang pondohan ng uling (*coal stock piles*) at mga imbakan ng abo (*ash pond*) na walang takip.

- Polusyon sa tubig, hangin at ingay: Ang Mga Nagrereklamo ay nagpahayag ng mga alalahanin hinggil sa pagkawala ng tubig at pagbaba ng kalidad ng tubig. Ngayon ay nangangailangan na ang mga mamamayan ng mga poso ng tubig para mag-igib samantalang dati ay kumukuha sila ng tubig sa mga balon na ngayon ay natutuyot na. Ang tubig na nabobomba mula sa mga poso ay may masamang amoy, may kalawang, buhangin, mga uod, at mga insekto, kaya't napipilitan ang mga taong bumili ng mahal na tubig na de-bote para inumin. Binanggit rin nila ang tungkol sa malagkit na tubig, tubig na may halong langis at gas, tingga (*lead*) at iba pang mabibigat na metal. Dahil ang mga planta ay gumagamit ng malalaking bulto ng tubig, ang mga magsasaka ay nag-uulat ng pagkabawas sa dami ng tubig para sa irigasyon. Iba pang mga alalahanin katulad ng maduming hangin mula sa usok na ibinubuga sa gabi, na lalong nakikita kapag umuulan. Ang mga lumot (*lichens*) na karaniwang palatandaan ng mataas na kalidad ng hangin, ay naglalaho na rin, at asidong ulan na nagdudulot ng madaling pagkasira ng mga bubong na yero, na ngayon ay tumatagal na lamang ng hanggang anim na buwan, kumpara dati na tumatagal ng hanggang limang taon.
- Mga epekto sa mga mangingisda: Nakakaranas ngayon ang mga mangingisda ng pagbaba ng nahuhuling isda sa mga lugar na malapit sa mga planta, kaya't sila'y napipilitang mangisda sa mas malayong ibayo, na nangangailangan ng mas malalaking bangka, at mas maraming gasolina. May mga alalahanin tungkol sa pagdaloy ng mainit na tubig na galing sa planta, at mga kemikal na ginagamit sa paglilinis ng tubig alat (*desalination*), na hinihinala ng mga lokal na residente na itinatapon sa mga dagat-lagusan sa mga tabing dagat. Ang mga kabataang mangingisda ay napipilitang lumipat mula sa pangangisda para maging kargador o kaya'y taga-ani ng mangga sa mga lugar na malalayo sa planta, upang maipagpatuloy lamang na matustusan ang kanilang pag-aaral. May mga alalahanin din hinggil sa karapatang pumasok (*access*) sa mga lugar-pangisdaan kung saan may mga nakabantay na pribadong guwardiya o kaya ay mga guwardiyang aso ang mga planta, kung kaya't nalilimita ang pangangisda sa mga lugar na ito. Umuunti na ang mga lugar daungan o pugalan para sa mga mangingisda. Ang mga kabibe na dating sagana ay hindi na ngayon nakakain. Nasira na ang mga damong dagat (*seaweed*), mga lokal na tulya (*clams*), at mga bahura (*coral reefs*).
- Hindi sapat na reloksyon: Ang Mga Nagrereklamo ay dumadaing din hinggil sa paglilikas at reloksyon ng mga pamilya sa mga *resettlement sites* na hindi sapat at hindi pa kumpleto, at kung saan ay hindi sapat ang mga pagbabalik-hanapbuhay ng mga dating magsasaka at mangingisda na ngayon ay kailangang kumita nang malayo at walang daan o *access* sa lupa at tubigan. May mga ibang hindi nabigyan ng kompensasyon sa kanilang paglikas, at ang ilang hiling sa mga *operator* na mabigyan ng kabayaran ang mga lumikas ay nakadama ng pananakot. May mga insidente din ng demolisyon o paggiba ng mga kabahayan nang walang kaukulang paglikas at kompensasyon. May mga residente ding hindi inalok ng anumang reloksyon ang napilitang lumikas dahil sa sitwasyon at tahimik na lumipat na lamang sa mga kabundukan o kaya ay sa tabing dagat. May mga lugar pangreloksyon na napakalapit sa planta, kung saan ang mga epekto nito ay hindi makayanan ng mga tao, na syang nagtutulak sa mga pamilyang nailikas upang lisanin din ang mga lugar na ito at lumipat sa ibang mga bayan. May mga isyu rin hinggil sa pagkilala sa karapatan ng mga impormal na mga naninirahan (*informal settlers*) sa mga lugar kung saan ang mga mamamayan ay walang hawak na titulo sa kanilang mga bahay at lupain, at mga hinaing ukol sa pag-iwan sa kanilang mga lupang ninuno.

- Patong-patong o naipong mga epekto: Dahil ang ilang mga planta ay magkakalapit-lapit sa iisang lalawigan, ang Mga Nagrereklamo ay nag-aalala hinggil sa patong-patong o naipong mga epekto ng mga ito sa kapaligiran at kalusugan ng mga tao.
- Mga hinaing ng mga manggagawa: Nangangamba ang mga manggagawa na iikli ang kanilang mga buhay sa pagtatrabaho sa planta. May mga ulat din na may mga bawas sa sahod subali't walang mga kontribusyong inihuhulog ang planta sa SSS, at may ulat din ng mga naantalang pagbabayad ng sahod. Hindi makapagreklamo ang mga manggagawa sa namamahala ng planta sa takot na mawalan sila ng trabaho. Mayroon ding ulat ng mga pagkakataong ang mga manggagawa ay pinagtatrabaho lamang sa loob ng tatlong buwan, at pagkatapos ay pinapalitan agad nang walang kadahilanan at hindi na pinagtatrabahong muli, kung kaya't sila'y napipilitang bumalik sa pangingisda. May mga ulat na ang mga nakakapagtrabaho sa planta ay mga dayo mula sa mga ibang lugar, samantalang ang mga taga-roon ay inaalok lamang ng mga trabahong pangkonstruksyon, paglilinis (*janitorial*), at iba pang hamak o mababang gawain lamang
- Pamana ng hindi mabubuting epekto: Sinasabi ng Mga Nagrereklamo na sila ay may mga naging karanasan sa mga plantang lubhang mapanira sa kapaligiran at mga plantang umiiwas sa pananagutan sa kanilang mga bayan o kalapit-bayan, kaya't ang mga tao ay naniniwala na ang mga bagong planta ay magdudulot din ng katulad na epekto, at katulad ng mga nauna ay hindi rin mananagot sa mga hinaing ng mga mamamayan. Bukod dito, ang mga miyembro ng pamayanan ay dumadaing sa palagiang hindi pagtupad ng mga kasalukuyang planta sa mga pangako nito patungkol sa mga benepisyong matatanggap sana ng komunidad. Ngayong may mga bagong proyekto na namang iminumungkahi o isasagawa, nangangamba ang mga komunidad na marami na namang mga pangako ang hindi matutupad.
- Depekto sa mga proseso ng pagsangguni at konsultasyon: May mga pakiramdam ang Mga Nagrereklamo na mayroon nang desisyon na pabor sa mga planta bago pa man isagawa ang proseso ng konsultasyon, pagkatapos ay magsasagawa ng mga depektibo at hindi ganap na konsultasyon upang suportahan ang mga plano ng planta, katulad ng sadyang hindi pagsali ng mga nag-oorganisa ng konsultasyon sa mga kritiko ng planta; pagtuon ng konsultasyon sa mga inaasahang benepisyo ng mga planta sa halip na magkaroon ng isang bukas at pampublikong diskusyon tungkol sa mga inaasahang epekto nito sa kapaligiran at sa lipunan; at mga kaukulang hakbang o panukala upang mabawasan ang mga epektong ito (*mitigation measures*); at may mga pagkakataon din na ang mga taga-komunidad ay pinapapirma sa mga blankong papel na nagsasabing gusto nilang magkatrabaho subali't ipinapahulugang pagsang-ayon pala ito sa proyekto. Nagsabi *rin ang Mga Nagrereklamo* na hindi ibinigay ng mga katutubo ang kanilang malaya, maaga, at maalam na pahintulot (*free, prior and informed consent*) sa hindi kukulang na isang proyekto. Sa higit sa isang kaso, pagkatapos ng konsultasyon, ang mga mamamayan ay nag-ulat ng karanasan na ang mga planta sa kanilang lugar na dapat sana ay *liquified natural gas* (LNG) ang magpapatakbo, ay binago at naging plantang pinapatakbo ng karbon (*coal-fired power plant*), pero hindi sinabihan ang publiko na babaguhin ito.
- Mga hinaing hinggil sa mga proseso sa gobyerno: Sinabi ng Mga Nagrereklamo na walang kaukulang proseso o *due process* sa pamahalaan. Ayon sa kanila, may mga pamahalaang lokal na nagpapadaloy ng proseso kung saan ang mga tao ay

pinapapirma ng mga dokumento hinggil sa pagbebenta ng lupa nang hindi ipinapakita ang presyo ng bentahan. Ang mga pagsisikap ng mga taga-komunidad na magkaroon ng dayalogo ay nakakaranas ng pagsasawalang-bahala o di kaya naman ay sinasagot ng mga pananakot mula sa mga kinatawan ng gobyerno. May mga ulat na may mga kinatawan ng gobyerno na gumagamit ng mga taktika tulad ng panggugulo, pananakot, pagkuha ng mga litrato, pag-ganti sa mga kritiko, at maging pagpapakulong sa mga walang kaugnayang kasalanan o akusasyon.

- Kasaysayan ng panunupil ng mga pagdaing at pagtutol sa mga proyekto: May mga nagkakaparehong ulat ng mga mamamayan sa komunidad na natatakot na maghayag ng kanilang mga alalahanin dahil baka sila mabweltahan o gantihan. May mga kwento ang mga tao ukol sa kasaysayan ng mga kilos protesta na tinatapatan ng pwersa at panliligalig ng mga pulis, mga tumututol sa proyekto na pinupuntirya ng mga lokal na awtoridad, maling naakusahan ng mga krimen, tulad ng ilegal na pagdadala ng mga baril (kung saan ang ebidensya ay itinanim lang), at pag-uusig sa korte. Sa isang pinakaseryosong halimbawa ng karanasan, isang kilalang tumututol sa proyekto ang binaril at napatay. Siya ay ang halal na pangulo ng isang samahan sa pamayanan na tumututol sa planta. Bagama't hindi napatunayan kung sino ang gumawa ng krimen, naging malinaw na mensahe ito para sa mga komunidad sa paligid ng planta na ang paghahain ng mga alalahanin o hinaing laban sa planta ay may katumbas na peligro sa buhay. Sa isa pang halimbawa, isang dating tauhan ng militar ang kinuhang empleyado ng proyekto bilang kanilang taong tagapag-ugnay sa komunidad (*community liaison staff*) at ang taong ito ay kilala sa kanyang pananakot sa mga tao. Sa isa pang halimbawa, isang pamilyang namumuno sa lokal na pulitika at negosyo na may malakas na impluwensya sa lahat ng antas ng pamamahala, ay lumilikha sa mga mamamayan ng seryosong pagkabahala sa seguridad, takot, at kawalan ng mapagkakatiwalaan, na siyang nagpapatahimik sa oposisyon sa planta at nagdudulot ng panghihina ng loob o damdamin ng kawalan ng magagawa laban sa lakas at kapangyarihan ng nasabing pamilya.
- Mga ibinubugang karbon: Ang mga miyembro ng komunidad ay naghayag ng mga pangamba na ang mga proyekto ay kolektibong magdudulot ng mas masamang epekto sa pagbabago ng klima sa mundo, kung saan ang Pilipinas ay isa sa mga bansang may pinakamaselang kalagayan. Nagsabi rin ng pangamba ang mga miyembro ng komunidad hinggil sa epekto ng karbon sa kanilang mga anak at sa mga susunod na salinlahi. Binanggit din ng mga miyembro ng komunidad na nang isinumite ang reklamong ito, ang Pilipinas ay lumagda na sa *Paris Agreement on Climate Change*. Pinansin ng Mga Nagrereklamo na ang mga pamumuhunan ng RCBC sa di-nauubos o alternatibong pagkukunan ng enerhiya (renewable energy) ay sinasalungat ng malaking pamumuhunan nito sa mga plantang coal.

Ang Mga Nagrereklamo ay partikular na humiling na banggitin ng CAO ang dalawang isyung ito sa IFC:

- Pamumuhunan (Investment) sa mga Pinapangalagaang Lugar (Protected Areas): Hiniling ng mga nagrereklamo na mangako ang IFC na hindi ito mamumuhunan sa mga lugar na nasa ilalim ng proteksyong pangkalikasan.
 - Sa pakikipag-usap sa mga tauhan ng IFC, nabanggit ng mga ito na ang IFC Performance Standard 6 ay malinaw na nagsasaad kung paanong inaasahan ng IFC ang mga kliyente nito na pangalagaan at panatilihin ang samu't saring

buhay (biodiversity), kabilang na ang mga rekisitos na kailangang tupdin ng mga proyekto sa mga kritikal na lugar o tirahanan (critical habitat).

- Insidente hinggil sa paghain ng reklamo sa CAO sa tanggapan ng IFC sa Maynila: Ang mga nagrereklamo ay naglatag ng hinaing tungkol sa paraan ng pagtanggap sa kanila ng mga guwardiya o tagapagbigay-seguridad ng IFC noong kanilang tangkaing ibigay ang kanilang reklamo sa tanggapan ng IFC sa Maynila noong Oktubre 2017. Ayon sa kanila, sila ay pinaalis sa lugar ng tanggapan nang hindi hinaharap ng kahit na sinong empleyado ng IFC, at bagkus ay sinundan pa sila ng mga gwardya pagkatapos nilang lisanin ang gusali.
 - Ipinabot ng CAO ang hinaing na ito sa nangangasiwa ng IFC sa Maynila. Sinabi naman ng IFC na ang mga kawani nito ay laging bukas na tumanggap ng mga panauhin na mayroong pauna o nakatakdang pakikipagpulong dito at may pagsunod sa karaniwang protokol o tuntuning pangseguridad. Ito ay naiparating na sa *internal* Ombudsman ng World Bank Group, na syang angkop na tanggapan na may mandatong umaksyon hinggil sa ganitong uri ng isyu.

Pagtingin o Perspektibo ng Kumpanya:

Ang relasyon ng RCBC sa IFC:

Ipinaliwanag ng RCBC ang kanilang kaugnayan sa IFC, na may mga pamumuhunan ito sa pamamagitan ng *equity*, pagpapautang, at *bond* na mga pamamaraan, na nakatutok sa mga negosyong maliliit at katamtaman ang laki (small and medium enterprises o SMEs), pagsuporta sa mga kababaihang negosyante, at pagpapautang sa kanayunan (rural lending). Ang RCBC ay pumirma o sumang-ayon sa mga rekisitos ng IFC, tulad ng *Exclusion List* nito, kung saan hinihigpitan ang pagpapautang sa mga kumpanyang may kinalaman halimbawa sa tabako, mga baril, pagsusugal, at alak.

Pamamahala ng pagganap sa mga usaping pangkapaligiran at panlipunan:

Sa aspeto ng pagsasagawa ng karampatang pag-iingat (due diligence) ukol sa mga usaping pangkapaligiran at panlipunan, sinabi ng RCBC na naipatutupad nito ang isang *Social and Environment Management System (SEMS)* na sumusuporta sa karampatang pag-iingat (due diligence) at angkop na pag-aayos o klasipikasyon ng mga kliyento nito mula sa isang panlipunan at pangkapaligirang pananaw.

Binanggit ng RCBC na noong 2018, matagumpay nitong natapos ang isang proyekto para mapabuti ang kanilang SEMS sa tulong ng mga dalubhasa mula sa IFC. Ayon sa RCBC, ang SEMS nito ay pangunahing sumusunod sa Pamantayang Pagganap o *Performance Standards* ng IFC at pinakamagandang kaugalian o *best practices* ng industriya sa pagsusuri at pagkategorya ng lahat ng mga proyekto (*portfolio* at *pipeline*) at mga aplikasyon sa pag-utang mula sa isang panlipunan at pangkapaligirang pananaw.

Ipinahayag ng RCBC na, simula nang ipatupad nito ang SEMS, kinuha nito ang serbisyo ng isang pangunahing *consulting firm* sa larangan ng pamamahala sa usaping pangkapaligiran at panlipunan upang tumulong sa pagbuo ng polisiya at pagsagawa ng mga pagbisita sa kalugaran ng mga proyekto. Sa kalaunan ng pagsulong nito, nakabuo ang RCBC ng sarili nitong kakayahan para makapagsagawa ng *social and environmental due diligence*, nakapag-

empleyo ng isang *environmental specialist* na may buong oras na paglingkod, at nailagay ang pangangasiwa ng programang SEMS nito sa ilalim ng Risk Management Group ng bangko.

Ipinaliwanag ng RCBC na ang mga proyektong itinuturing ng SEMS nito bilang mataas ang risiko o panganib (high risk) o *Environmental and Social Category A*, ay nangangailangan ng tinatawag nitong “*enhanced social and environmental due diligence*.” Ang *enhanced social and environmental due diligence* o mas pinabuting karampatang pag-iingat sa usaping panlipunan at pangkapaligiran ay hinihingi na ang Social and Environment officer ng RCBC (na malaya sa unang linya ng pinagmulang ginagampanan) ay magsagawa ng mga pagbisita sa kalugaran ng mga proyekto; makipagpulong sa mga komunidad at sa mga lokal na opisyal upang tasahin ang epekto ng pamumuhunan nito sa kalikasan at sa pamayanan. Ang mga makikita o matutuklasan mula sa *due diligence* ay itinatalakay sa kliyente, ibinibigay sa unang linya ng pinagmumulang mga departamento at iniuulat din sa *Risk Oversight Committee* ng RCBC Board.

Para sa lahat ng mga pinansyal na transaksyon (bukod pa sa *enhanced due diligence reviews*), sinabi ng RCBC na hinihingi nito na mayroong *independent technical advisor* para magbigay ng payo (sa buong panahon ng pagkakautang) tungkol sa mga di-pinansyal at teknikal na aspeto ng proyekto, kabilang na rito ang ukol sa pagganap nito sa mga usaping pangkapaligiran at panlipunan.

Pagganap sa mga usaping pangkapaligiran at panlipunan ng mga pamumuhunan:

Ipinaliwanag ng RCBC na maingat nitong pinipili ang mga kliyente na may pagnanais na ipatupad ang mga Pamantayang Pagganap o *Performance Standards*, at ito ay ginagawa nila sa pamamagitan ng pagtatasa sa: kasaysayan ng ugnayan ng namumuhunan sa RCBC, karakter ng kumpanya, at pagganap nito sa mga usaping pangkapaligiran at panlipunan, bilang ilan sa mga panuntunan sa pagpapautang.

Sinabi ng RCBC na ang *Social and Environmental Management System* nito ay malakas at tumutupad sa *IFC Performance Standards*. Ito ay kumuha ng mga teknikal na espesyalista, nagsanay ng mga tauhan na nasa unang linya ng operasyon (frontline staff), regular na bumibisita sa kalugaran ng mga proyekto upang pangasiwaan ang pagganap ng mga kliyente nito sa mga usaping pangkapaligiran at panlipunan.

Binanggit din nito na tinatalakay din ng bangko ang mga obserbasyon nito sa kanilang mga kliyente, nagpapanatili ito ng rehistro ng mga resulta o *findings* nito, nagpapalabas ng mga ulat ukol sa karampatang pag-iingat (due diligence), at inaasahan ang mga kliyente nito na tugunan ang mga napansing obserbasyon.

Relasyon ng RCBC sa mga proyektong kaugnay sa reklamo:

Ipinaliwanag ng RCBC na may pangunahing pautang ito sa 10 mula sa 19 na proyektong binabanggit sa reklamo. Sinabi nito na isang planta na nakalista sa reklamo ay wala nang kasalakuyang balanse sa pagkakautang nito; kung kaya’t hindi na sinusubaybayan sa ngayon ng RCBC ang panlipunan at pangkapaligirang pagganap nito. Sinabi rin ng RCBC na wala itong anumang relasyon o kaugnayan sa 8 proyektong nakalista sa reklamo.

Nilinaw ng RCBC na ang kanilang partisipasyon sa mga proyekto ay sa pamamagitan ng mga grupo o pinagsamang pamumuhunan (syndication) kaysa dalawahang pamumuhunan (bilateral investments). Ang mga pagkahantad o pagkasangkot nito ay umaabot ng mula 2% hanggang 29% na may pinakamahabang termino na hanggang 15 na taon.

Pagganap sa mga usaping pangkapaligiran at panlipunan ng mga pamumuhunan:

Nakapagsagawa ang RCBC ng *enhanced due diligence* o mas pinalakas na karampatang pag-iingat at nakapaglabas ito ng mga ulat sa 9 mula sa 10 planta. Ipinaliwanag nito na matatapos na ang isinasagawang *enhanced due diligence* sa isang natitirang planta sa ika-31 ng Marso 2019. Sinabi nito na tanging isang planta lamang na nakalista sa reklamo ang nagbunga ng mga pagpuna o obserbasyon na maituturing na mataas ang risgo o panganib (high risk) mula sa panlipunan at pangkapaligirang pananaw. Ayon sa RCBC, ang mga pagpunang ito ay hindi naman nagpapakita ng kagyat o agarang banta sa kapaligiran, sa kawani ng proyekto, o sa mga komunidad.

Pagtugon sa pambansang pangangailangan sa kuryente o enerhiya:

Pagdating sa pagpapautang sa enerhiya, idiniin ng RCBC na ito ay aktibong tagasulong sa larangan ng *Renewable Energy* o sa mga di-naubos o alternatibong pagkukunan ng enerhiya at sa katunayan ay nagbigay ito ng malaking suportang pinansyal sa ilang napakahalaga at gumaganang mga proyekto ng *renewable energy* sa Pilipinas at sa rehiyon ng Timog-Silangang Asya. Sinabi rin ng RCBC na ang *eligible Sustainable Portfolio* nito ay di-hamak na mas malaki kaysa sa pautang nito sa mga planta ng *coal*.

Bukod dito, sinabi ng RCBC na sa unang bahagi ng 2019, nagpalabas ito ng 15B pesos (USD 290M) sa ilalim ng “Green Finance Framework” nito para pondohan ang kanilang “*Green*” *eligible portfolio*. Ayon sa RCBC, ang pag-isyu na ito ay ang kauna-unahang *green bond* mula sa Pilipinas na ipinalabas sa ilalim ng *ASEAN Green Bond Standards 2018*, at nakahanay din sa International Capital Market Association’s *Green Bond Principles 2018*. Sinabi ng RCBC na ang pag-isyu na ito ay tatlong beses nang *oversubscribed*, na sumasalamin sa pakiramdam ng merkado ukol sa pagsisikap nito tungo sa *sustainability*.

Binanggit ng RCBC na dahil sa naranasang matinding kakulangan sa kuryente noong mga nakaraang panahon, naging patakarang ng gobyerno na unahin ang pagtitiyak na ang sektor sa enerhiya ay kayang makatugon sa pinakamababa at gayundin sa pinakamatataas na antas ng pangangailangan sa enerhiya. Iginiit ng RCBC na imposibleng matugunan ang mga pangangailangang ito sa enerhiya kung aasa lamang sa *renewable energy*, kung kaya’t naging polisiya ng gobyerno na isama ang *coal* sa listahan ng pagkukunan ng enerhiya o *energy mix* upang makamit ang pangangailangang pang-enerhiya ng bansa.

4. MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Nang magsagawa ng *assessment* ang CAO, ang mga kinatawan ng mga komunidad na apektado ng 9 mula sa 11 na planta ay mas pinili na makitang matugunan ang kanilang mga hinaing sa pamamagitan ng prosesong *compliance* ng CAO. Ang mga kinatawan naman ng 2 mula sa 11 na eligible na planta ay nagpahayag ng interes sa proseso ng pakikipag-usap para sa paglutas ng isyu (*dispute resolution*) sa kaukulang nagpapakatako ng proyekto (project operator). Ang isa sa dalawang *project operator* na ito ay nagpasyang tumanggi sa proseso ng *dispute resolution* na tinitipon ng CAO. Hanggang sa katapusan ng Marso, hindi naman nakatanggap ang CAO ng positibong kasagutan mula sa isa pang *project operator* ukol sa opsyong ito.

Alinsunod sa *Operational Guidelines* ng CAO, ang reklamo ay ipapasa o isasangguni na ngayon sa tanggapan ng CAO Compliance para sa pagsusuri ng pagganap ng IFC. Kung sakaling magpahayag ang natitirang *project operator* ng interes na subukan ang isang proseso ng *dispute resolution* na tinitipon at pinapadaloy ng CAO, magsusumikap ang CAO na tugunan

ang mga hinaing at alalahanin kaugnay sa proyektong ito sa pamamagitan ng isang hiwalay na proseso.

ANNEX A. ANG PROSESONG GINAGAMIT NG CAO SA PAGHAWAK NG MGA REKLAMO

Sa sandaling ideklara ng CAO na ang isang reklamo ay *eligible* o pasado sa pamantayan nito, isang panimulang pagtatasa o *assessment* ang isinasagawa ng mga dalubhasa ng CAO sa aspeto ng *Dispute Resolution*. Ang mga layunin ng CAO *assessment* ay: (1) maliwanagan ang mga isyu at alalahanin na inihayag ng mga nagrereklamo; (2) magkalap ng mga impormasyon ukol sa kung paano tinitingnan ng mga partido ang sitwasyon; at (3) tulungan ang mga partido na maunawaan ang mga opsyon na pwede nilang dulugin at alamin kung nais nilang subukang tahakin ang isang sama-sama o tulung-tulong na paghahanap ng solusyon sa mga isyu at alalahanin sa pamamagitan ng opisina ng CAO na may tungkulin sa *Dispute Resolution*, o kung hindi naman ay kung ipapasa ito sa opisina ng CAO na may tungkulin naman sa aspeto ng *Compliance*.

Ayon sa *Operational Guidelines* ng CAO²; ang mga sumusunod na hakbang ang karaniwang itinutugon sa isang reklamong natatanggap ng CAO:

Unang Hakbang: **Acknowledgement** o pormal na pagkilala ng pagtanggap sa reklamo

Pangalawang Hakbang: **Pagkakapasa o pagiging karapat-dapat:** Pag-alam kung ang reklamo ay karapat-dapat sa pagtatasa o pasado sa batayan ng pagtatasa sa ilalim ng mandato ng CAO (hindi lalagpas sa 15 araw-opisyal)

Pangatlong Hakbang: **Assessment o pagtatasa ng CAO:** Pagtatasa sa mga usapin at pagtulong sa mga partido na maunawaan at alamin kung nais nilang tumuloy sa isang pinagkasunduang solusyon sa pamamagitan ng isang proseso ng pakikipagtulungan na ititipon at padadaluyin ng opisina ng CAO na may tungkulin sa aspeto ng *Dispute Resolution*, o kung hindi naman ay kung ang kaso ay ipapahawak sa opisina ng CAO na may tungkulin sa aspeto ng *Compliance* upang suriin ang naging pagkilos o pagganap ng IFC/MIGA sa usaping pangkapaligiran at panlipunang pag-iingat. Ang *assessment* ay pwedeng magtagal hanggang 120 araw-opisyal.

Ika-apat na Hakbang: **Pagpapadaloy ng pagkaka-unawaan, pag-aayos, at pagkakasundo:** Kung sakaling piliin ng mga partido na tumuloy sa isang proseso ng pagtutulungan at pag-aayos, ang tungkulin ng CAO sa aspeto ng *dispute resolution* ay pasisimulan. Ang proseso ng *dispute resolution* ay karaniwang nakatuntong sa o itinatalaga ng isang *Memorandum of Understanding* at/o pinagkasunduang mga alituntunin (*ground rules*) sa pagitan ng mga partido. Maaari itong kasangkutan ng *mediation/facilitation*, *joint fact-finding*, o iba pang napagkasunduang proseso ng pagsasaayos na inaasahang hahantong sa isang kasunduan o iba pang napagkasunduang mga layunin ng mga partido. Ang pinakapangunahing layunin ng mga iba't-ibang uri ng pagsasaayos o paglutas ng mga problema ay upang mapag-usapan at mapagtuunan ang mga isyu at usapin na may kaugnayan sa reklamo, at iba pang mga makabuluhang isyu na kinilala o inihayag sa *assessment* o sa mismong proseso ng *dispute resolution*, sa paraang katanggap-tanggap sa mga partidong apektado.³

² http://www.cao-ombudsman.org/documents/CAOOperationalGuidelines_2013.pdf

³ Kung sakaling hindi maireresolba ng mga partido ang mga isyu sa pamamagitan ng isang proseso ng pakikipagtulungan o sama-samang paghahanap ng solusyon sa mga isyu sa loob ng pinagkasunduang panahon, susubukan muna ng CAO Dispute Resolution na tulungan ang mga partido na matagumpayan ang (mga) paghinto sa pag-

○

Pagsusuri ng Pagtupad/Imbestigasyon: Kung sakaling piliin ng mga partido ang proseso ng *Compliance*, ang opisina ng CAO na may tungkulin sa aspeto ng *Compliance* ay magsisimula ng isang pagtatasa hinggil sa pag-iingat na isinagawa ng IFC/MIGA sa usaping pangkapaligiran at panlipunan (*environmental and social due diligence*) ng proyektong pinag-uusapan, upang malaman kung kinakailangan ng imbestigasyon sa pagpapatupad (*compliance investigation*) kaugnay sa naging pagkilos o pagganap ng IFC/MIGA sa proyekto nito. Ang pagtatasa ay maaring tumagal ng hanggang 45 na araw-opisyal. Kung mapapag-alaman na kailangan ng imbestigasyon, ang CAO Compliance ay magsasagawa ng isang malalimang imbestigasyon hinggil sa naging pagkilos o pagganap ng IFC/MIGA. Isang ulat ng imbestigasyon na nagsasaad ng anumang hindi pagtupad sa mga panuntunan (*non-compliance*) ay gagawing pampubliko, kasama na ang magiging sagot ng IFC/MIGA dito.

Ikalimang Hakbang: **Pagsusubaybay at Pagsasagawang Kasunod** (Monitoring and Follow-Up)

Ika-anim na Hakbang: **Pagtatapos/Pagsasara ng Kaso**

uusap (impasse/s). Kung hindi ito posible, sasabihan ng Dispute Resolution *team* ang mga partido, kabilang ang mga kawani ng IFC/MIGA, ang Pangulo at lupon ng mga opisyal ng World Bank Group, at ang publiko, na isinara o tinapos na ng CAO Dispute Resolution ang reklamo at ito ay ililipat na sa CAO Compliance para sa kaukulang pagsusuri.

ANNEX B: Mga proyekto na kasama sa reklamo

Pangalan ng proyekto (sub-project)	Desisyon ng CAO ukol sa Pagkapasa sa Batayan para sa Pagtatasa (Eligibility)	Interes ng Nagrereklamo sa Pag-uusap Para sa Paglutas ng Isyu (Dispute Resolution)	Komento
Masinloc Power Plant Expansion Project	Pumasa (eligible)	Hindi interesado	Nakitang pumasa o eligible noong Nobyembre 2017
GNPower Dinginin Power Station Expansion	Pumasa (eligible)	Hindi interesado	Nakitang pumasa o eligible noong Nobyembre 2017
South Luzon Thermal Energy Corp.	Pumasa (eligible)	Hindi interesado	Nakitang pumasa o eligible noong Nobyembre 2017
San Buenaventura Power Ltd. Co. Project	Pumasa (eligible)	Hindi interesado	Nakitang pumasa o eligible noong Nobyembre 2017
Panay Power Station Expansion Project	Pumasa (eligible)	Hindi interesado	Nakitang pumasa o eligible noong Nobyembre 2017
Southern Mindanao Coal Fired Power Plant	Pumasa (eligible)	Interesado	Nakitang pumasa o eligible noong Nobyembre 2017
Lanao Kauswagan Power Plant	Pumasa (eligible)	Hindi interesado	Nakitang pumasa o eligible noong Nobyembre 2017
Toledo Power Corp. Plant	Pumasa (eligible)	Interesado	Nakitang pumasa o eligible noong Nobyembre 2017
Atimonan One Energy Power Plant	Pumasa (eligible)	Hindi interesado	Nakitang pumasa o eligible noong Marso 2018
Limay Power Plant	Pumasa (eligible)	Hindi interesado	Nakitang pumasa o eligible noong Marso 2018
Davao Greenfield Plant	Pumasa (eligible)	Hindi interesado	Nakitang pumasa o eligible noong Marso 2018

Mariveles Power Generation Corp. Power Plant	Hindi pumasa o hindi eligible	Hindi angkop	Nakitang hindi pumasa o hindi eligible noong Marso 2018
Redondo Peninsula Energy Subic Power Plant	Hindi pumasa o hindi eligible	Hindi angkop	Nakitang hindi pumasa o hindi eligible noong Marso 2018
Central Luzon Premiere Corporation Power Plant Project	Hindi pumasa o hindi eligible	Hindi angkop	Nakitang hindi pumasa o hindi eligible noong Marso 2018
SMC Global Power Coal Plant	Hindi pumasa o hindi eligible	Hindi angkop	Nakitang hindi pumasa o hindi eligible noong Marso 2018
Therma Visayas Energy Project	Hindi pumasa o hindi eligible	Hindi angkop	Nakitang hindi pumasa o hindi eligible noong Marso 2018
Pagbilao Coal-fired Thermal Power Plant	Hindi pumasa o hindi eligible	Hindi angkop	Nakitang hindi pumasa o hindi eligible noong Marso 2018
Merbau Coal-fired Thermal Plant	Hindi pumasa o hindi eligible	Hindi angkop	Nakitang hindi pumasa o hindi eligible noong Marso 2018
Global Luzon Power Plant	Hindi pumasa o hindi eligible	Hindi angkop	Nakitang hindi pumasa o hindi eligible noong Marso 2018